# 1

"This place is-"

"Breathtaking?"

"Magnificent?"

"Awesome?"

"Impressive?"

Umiling siya. "Creepy." Iginala ni Anya ang mga mata sa paligid. "This place is creepy."

Her female companions expressed their disagreement with scowls. The men, including their tour guide named Tommy, snickered.

"Hey, I'm just being honest," paliwanag ng dalaga.

"Love," panimula ng boyfriend niyang si Rex, sabay akbay sa kanya. "This mountain isn't called The Devil's Mountain for nothing.

It's supposed to be creepy."

Nasa isang bahagi sila ng Mount San Cristobal sa Laguna, sa clearing kung saan sila nag-set-up ng kampo. Nakatayo na ang mga tent. Tapos na rin silang maghapunan. It's only past five in the afternoon but it was already dark. Tall trees surrounded them like silent sentries, their foliage blocking most of the sky. Shadows danced. A thin mist was forming, adding a chill to the air. There was an otherwordly feel as well—as if something unseen was watching—but she was the only one bothered by it.

"Sigurado ba kayong safe tayo rito?"

Nagtawanan ang grupo, maliban sa tour guide.

Namula si Anya. Pakiramdam niya ay nainsulto siya. She was so out of place in this group. Then again, she'd only known them for three months. They were Rex's friends.

Ngayon siya nagsisisi kung bakit pinilit pa niyang sumama. She's not the outdoorsy type, samantalang kilalang adventurers ang grupo ni Rex.

"'Wag kang mag-alala, Miss Anya. Ligtas tayo dito basta't wala lang hihiwalay sa grupo," anito.

"Salamat," sagot niya.

"Oh, I know. Since we're having a bonfire, bakit hindi natin gawin 'yung dati nating ginagawa sa tuwing may adventure tayo?"

suhestyon ni Millie. Of the four, medyo ilag si Anya rito. Siguro dahil ilang ulit na niyang nahuhuli ang matatalim na sulyap nito sa kanya.

"You want to do that now?" tanong ni Stephen.

Nagkibit-balikat si Millie. "Why not?"

"Baka lalong matakot si Anya," pabirong sabi ni Michael. "Sige kayo, baka bigla tayong layasan ni Rex."

"Oh, he's not going to do that. He enjoys telling tales as much as we do," katwiran ni Eva.

Kunot ang noong sumulyap si Anya sa nobyo. "Ano'ng ibig nilang sabihin?"

Ngumiti ito at saka nagpaliwanag. "When we go on an adventure like this, we tell ghost stories over a bonfire before going to bed. Parang naging tradisyon na namin 'yun."

"Seriously?" di-makapaniwalang tanong niya.

"Yes, seriously. It's fun. Pero kung matatakutin ka, okay lang naman kung mauna ka nang matulog."

"Millie," saway ni Rex.

"What? It's just a suggestion."

Hinawakan niya ang braso ng nobyo. "It's okay, Rex. I'll stay. Tama si Millie, it sounds like fun." Nginitian niya ang dalaga. Gumanti ito ng ngiti pero hindi umabot sa mga mata.

Millie's tone grated on her nerves. Hindi

niya alam kung bakit parang ang init ng dugo nito sa kanya. But she would not give her the satisfaction of intimidating her.

"Teka, bago tayo magsimula, kukunin ko muna 'yung marshmallows para sa smores."

Isang malaking bag ng marshmallows at graham crackers ang bitbit ni Michael pagbalik nito. Inabutan naman sila ni Tommy ng mahahabang sticks na yari sa pinakinis na pinong sanga ng puno.

Even an inexperienced camper knows how to make smores.

Nakangiting itinuhog ni Anya ang marshmallow sa kanyang stick para i-toast sa apoy.

"Okay, sino'ng mag-uumpisa?"

Si Stephen ang nagtaas ng kamay.

"Bago ako magsimula, gusto ko lang sabihin na totoong nangyari ang ikukuwento ko, dahil kilala ko ang isa sa kaibigan ng biktima at isa ring saksi."

"Ng ano?" bagot na tanong ni Eva.

"Ng kababalaghan sa Madlum Cave," walang gatol na sabi ng binata. "Nangyari ito nito lang April, isang araw ng Biyernes. Isang grupo ng amateur hikers ang nag-decide na mag-explore sa loob ng cave. They have heard the rumors, about the cave being haunted. But one was a non-believer."

"A-ano'ng nangyari sa kanila?" di-napigilang tanong ni Anya. Napukaw ang

kanyang interes. Maybe exchanging ghostly campfire tales in the middle of a forest wasn't that bad, she mused.

Isang ngiti ang isinagot ni Stephen. At sinimulan nito ang kuwento tungkol sa...

# 2

*Ang Lalaking Itim sa Madlum Cave*

Biyernes ng umaga, eksaktong alas diez nang marating ng grupo ni Mel ang Sitio Madlum sa San Miguel, Bulacan.

Sinamantala ng magkakaibigan ang long weekend para gawin ang matagal na nilang balak—ang akyatin ang Mt. Manalmon at i-explore ang mahiwagang Madlum Cave.

The ride from Cubao to Barangay Kamias, San Miguel, Bulacan took them three hours. Maalinsangan ang panahon at hindi gaanong maulap. Pero hindi iyon nakabawas sa excitement ng grupo.

"I can't believe we're really doing this," komento ni Ayin sa katabing si Kleo.

"Hindi ka naman excited, ano, Ayin?" pabirong tanong ni Zander.

"Hindi nga excited. Hindi kaya 'yan masyadong nakatulog kagabi," natatawang sabi ni Maya. Pinsan at kahati nito sa apartment si Ayin.

Umingos ang dalaga. "Masisisi n'yo ba ko? I mean, ang tagal ko nang gustong mag-hike at umakyat ng bundok. I'm a frustrated mountaineer. At saka isa pa, curious ako sa Madlum River mula nang mangyari 'yung incident involving those students."

"Pero sa Madlum Cave tayo pupunta, di ba?" tanong ni Kleo.

"Yes. Kasama sa trail ng Mt. Manalmon ang pagtawid sa ilog at pagpasok sa cave."

"Teka, hindi ba d'yan sa Madlum Cave ang setting n'ung pelikula si Julie Vega bago siya namatay? 'Yung *Lovingly Yours, Helen*?"

"Hindi ko alam na kilala mo si Julie Vega, Zander." May halong pang-aasar ang tinig ni Ces.

"Hey, paboritong artista ng lola ko 'yun. At napanood ko 'yung movie n'ung minsang umuwi ako ng probinsiya. Hindi ko alam kung paanong nakakuha ng kopya ang lola ko, considering na 1984 pa iyon ipinalabas. But man! That particular segment was creepy. Nag-ala Linda Blair si Julie Vega d'un."

"Parang sa *Exorcist*?"

Tumango ang binata. "Isa nga sa

speculations ng mga tao noon sa dahilan ng pagkamatay niya'y dahil nakursunadahan siya ng mga engkanto sa kuweba habang ginagawa niya ang pelikula."

"Well, that's just… creepy. Do you think it's true?" tanong ni Kleo.

Nagkibit-balikat si Zander.

"Guys, normal naman sa ganitong mga lugar y'ung paniniwalang may namamahay na engkanto o lamang-lupa. I mean, parte na ng kultura natin 'yan. I'm sure may medical explanation sa pagkamatay niya at hindi dahil kinuha siya ng maligno," sabi ni Eman.

"Ikaw, Mel?" baling ni Ayin sa kaibigan. Tahimik ito mula pagkababa ng tricycle. "Naniniwala ka ba sa mga maligno't lamang-lupa?"

The man sneered. "Totoo man o hinding may maligno't lamang-lupa dito, I don't care. I'm just glad to take a break from the toxic atmosphere at work."

"Ain't that the truth," sang-ayon ni Zander.

"Sana pala isinama natin si Auntie Patty," tukoy ni Mel sa bagong supervisor na kinaiinisan nilang lahat. "Baka sakaling makursunadahan ng maligno't biglang kunin."

Nagtawanan ang grupo.

"Hoy, 'wag naman kayong ganyan. She's not that bad," saway ni Maya. The others just scoffed and teased her.

"Maiba ako," putol ni Eman. "May guide ba

tayo?"

"Oo naman." Tumingin si Ayin sa relo. "Parating na 'yun. Bago mag-alas onse ang usapan namin."

"I think that's him," turo ni Kleo sa isang lalaking palapit sa kanila.

The middle aged man, who introduced himself as Celso, greeted them warmly. Nagpakilala ito bilang isang residente ng Barangay Sibul Springs at isa sa tour guides ng Biak-na-Bato National Park.

"Ready na po kayo? Dobleng ingat lang po dahil mabato ang lalakaran natin bago makarating sa Madlum Cave."

"Manong Celso, totoo po bang may lalaking itim sa loob ng kuweba? At saka 'yung taong bayawak na bantay ng Madlum River?"

"Hoy, Ayin ano ka ba?"

"What? I'm just curious."

Marahang tumawa ang guide nila. "Okay lang, Ma'am. Sanay na po kami."

"So ano, Manong? Totoo ba?"

"Dito na 'ko lumaki't tumanda at marami na rin akong narinig na mga taong nagpatunay na totoo sila. Sa ilang taong pagiging guide ko, wala pa akong nakitang engkanto o lamang-lupa. Pero hindi ko sinasabing hindi sila nag-e-exist dahil hindi na rin mabilang ang mga nakaranas ng kababalaghan sa lugar na ito. Ang masasabi ko lang, bawat sulok ng bundok ay sagrado para sa aming mga residente

kaya hindi kami nagkukulang sa paalala sa mga turista't mga bumibista dito. Kung may mga nilalang man na hindi natin nakikita na nananahan dito o kahit sa anong lugar, matuto tayong magbigay ng respeto."

"Take only pictures. Leave only footprints. Di ba, Manong?"

Ngumiti ang matandang lalaki. "Tama kayo, Sir."

"Ano, Manong, kailangan ba naming mag-tabi-tabi po?" nakangising tanong ni Mel.

Dinunggol ito sa tagiliran ng katabing si Maya. "Magseryoso ka nga."

"Seryoso kaya ako," he grumbled.

"Ang mabuti pa'y lumakad na tayo," pailing-iling na sabi ng guide.

Mel was in a good mood while traversing the narrow trail. Nagsimula sila sa baybayin ng ilog, tinawid ang wooden footbridge papunta sa mismong kuweba. They walked in a single file at siya ang pinakahuli. Mabato at hindi patag ang daan kaya mabagal ang paglalakad nila. May parteng masukal dahil bahagi na iyon ng bundok. Bibihira ang mga bahay at iyong ilan na nakita niya'y yari sa pinagtagpi-tagping kahoy, kawayan at yero. Wala ring ibang tao sa paligid maliban sa kanila.

The rocky and rugged landscape with its peculiar tales didn't frighten him. Sa totoo

lang, hindi siya naniniwala sa kahit anong may kinalaman sa paranormal. Sa tanang buhay niya, ni minsa'y hindi pa siya nakakita o nakaramdam man lang na may hindi nakikitang nilalang sa paligid niya. At siya ang tipong "to see is to believe". Kadalasan, pinagtatawanan lang niya ang mga taong nagsasabing bukas ang third eye nila. Unlike Ayin, hindi siya sumama sa outing para tuklasin ang misteryo ng Sitio Madlum. He wasn't even excited like his friends. Kailangan lang talaga niya ng break, ng ibang activity na magpapakalma sa inis na nagbabantang sumabog. He wasn't joking when he said the new supervisor was getting on his nerves. For some reason, pinag-iinitan siya nito.

*Kaya kung totoong may maligno sa lugar na ito, I wouldn't mind if you pay that b*tch a visit.*

Out of nowhere, may bumugsong hangin at nilipad ang suot niyang bull cap. It was sudden and brief that it didn't even affect the trees and vegetation around him. Wala ni isang sanga ng puno o kumpol ng mga dahon ang gumalaw dahil sa pag-ihip ng hangin. As strange as it may seem, he quickly dismissed it. It would be several days later when he realize that it was an omen to a string of paranormal occurences that would revolve around him.

Bumagsak ang cap sa isang stone cross sa gilid ng trail. Hindi kalayuan sa krus ay ang

guho ng isang kapilya. Sa isa sa mga dingding ay nakita niya ang pagsasayaw ng isang anino. Nangunot ang kanyang noo. Mali ang anggulo ng araw kaya imposibleng magkaanino sa nasabing sulok. When he looked again, the shadow was gone. Sa halip na mag-imbestiga, mabilis ang mga hakbang na sumunod siya sa mga kasama.

Hindi niya naabutan ang grupo pero narinig niya ang tinig ng mga ito. Sinundan niya iyon sa isang makipot at mabatong lagusan sa gilid ng man-made stair na paakyat sa isang grotto. Isang signage sa puno ang nagturong iyon ang entrance sa Madlum Cave.

Mabagal na tinahak ni Mel ang lagusan. Dahil mabato, may bahaging madulas kaya kailangang mag-ingat. Madilim sa loob ng kuweba. Kahit may dala siyang flashlight, nahirapan pa rin siyang mag-navigate sa loob.

Although dark and a little damp, the interior of the cave was fascinating. May mga bahaging kapag tinamaan ng ilaw ay kumikinang na animo may mga nakabaong brilyante sa batuhan. May ilang rock formation na parang beehive ang hitsura. Malamig sa loob at maraming paniki.

"Hmp! Kaya pala mapanghi."

Ilang metro mula sa entrada'y napansin niya ang porma ng isang tao na bahagyang natatabingan ng malaking bato. Hindi niya maaninaw kung sino ito.

"Mel, bilisan mo."

Nakahinga siya nang maluwag nang marinig ang boses ni Eman.

Sumunod siya sa lagusan kung saan pumasok si Eman. Sobrang kipot ng daanan at may bahaging nahirapan siyang pasukin.

"Guys, nasaan na kayo?" hinihingal na sigaw niya nang marating ang kabilang side. Malamig sa loob ng kuweba pero pinagpapawisan siya. Pakiramdam din niya'y numinipis ang oxygen sa loob at nahirapan siyang huminga.

"Nandito kami. Bilisan mo," sagot ni Zander.

Sa pandinig ni Mel ay nasa malapit lang ang lalaki. But for the life of him, hindi niya ito makita.

May narinig siyang kaluskos sa kanyang kaliwa. Isa na namang lagusan ang naroon. Pataas iyon at hindi kasing-kitid ng pinanggalingan niya. Sa loob ng tunnel ay narinig niya ang mahinang tawa ni Kleo kaya siya pumasok. Nasa kalagitnaan pa lang ay pagod na pagod na siya. Mabigat ang kanyang mga hakbang na para bang naglalakad siya sa isang piyeng lalim na putikan.

"Bilisan mo, Mel. Ang ganda dito," susog ni Ayin.

Paglabas ni Mel sa tunnel ay natagpuan niya ang sariling nag-iisa sa maliit na chamber. Iginala niya ang flashlight. May tatlong lagusan

sa kanyang harapan.

"Mel, pumasok ka dito," anang tinig ni Ayin na nanggaling sa lagusan sa kanan.

"Sa akin ka sumunod Mel," susog ni Eman sa kaliwang lagusan.

"Hindi, puntahan mo ako dito," sabi ng tinig ni Kleo mula sa gitna.

Nagsimulang bumundol ang kaba sa dibdib ng binata. Hindi niya maintindihan ang nangyayari. Hindi niya kabisado ang loob ng kuweba. But it couldn't be that big. At bakit naghiwa-hiwalay ang mga kaibigan niya?

He decided to be systematic. Una niyang pinasok ang kaliwang lagusan. When he emerged on the other side, it felt like he had been navigating an endless maze. Pero pagtingin niya sa relo'y wala pang limang minuto ang lumipas. Nakadagdag sa frustration niya ang tatlo na namang passageway sa kanyang harapan. With a sigh, he took the middle entrance.

Halos pangapusan na ng hininga si Mel nang makalabas ng lagusan. Lalo siyang nanlumo dahil ang bumungad sa kanya'y isa na namang chamber na may tatlong lagusan. Sa paningin niya'y bumalik lamang siya sa pinanggalingang chamber kahit pa hindi niya maipaliwanag kung paano iyon nangyari.

"Guys, hindi na ako natutuwa. Nasaan na kayo?" sigaw niya.

Sa halip na sumagot, mahinang halakhak

ni Ayin ang narinig niya.

Dahil sa pinaghalong pagod at confusion, nasagad ang pasensiya ni Mel.

"Do you think this is funny? Ako talaga ang napili n'yong paglaruan?"

Halakhak ng kanyang mga kasama ang narinig ng binata.

Matagal na niyang kilala ang anim. Hindi lamang sila magkasama sa trabaho, naging magkaklase din sila sa kolehiyo. And granted they often pranked each other, his friends would never do something as disturbing as this. And then it dawned on him. What if he wasn't really dealing with his actual friends? What if it was someone or something else?

Nanayo ang mga balahibo niya sa katawan. But he refused to show fear.

May naalala siya na sinabi ng lola niya noon, na kapag pinaglaruan ka ng engkanto'y makakatulong kung mumurahin mo ito. So with a sneer, he cursed it.

"Akala mo matatakot ako? F**k you!" He raised his middle finger to punctuate his statement. The laughter immediately ceased and an ominous silence ensued.

Sa halip na pasukin ang ikatlong lagusan, nag-desisyon siyang bumalik na lang. Pero paglingon niya'y wala na ang lagusang pinanggalingan niya. Nang bumaling siya sa kabilang side, sa halip na tatlo'y nag-iisa na lamang ang lagusang naroon. With no other

choice, he stomped inside.

Nakakailang hakbang pa lamang siya nang makaramdam ng matinding pananakit ng dibdib. Napilitan siyang huminto dahil hindi niya kayang tiisin ang sakit. Sapo ang dibdib, sumandig siya sa isang bato. Butil-butil ang pawis sa kanyang mukha't katawan. Ang masikip na lagusan ay lalo pang naging masikip sa kanyang pakiramdam. At mainit, para siyang nasa loob ng isang pugon.

Unti-unting nauubusan ng lakas si Mel. He gripped the flashlight tighter as the tunnel went pitch-dark. With the meager light, all he could see were shadows—lurking, hovering. He couldn't even see the dirt floor he sat on. The air grew heavy and breathing became painful. Every gasp left a burning sensation in his throat.

Suddenly, the eerie silence was broken by familiar laughter, mocking him. Walang nagawa si Mel kung di ang umupo at maghintay. Gustuhin man niyang tumayo at magpatuloy, ni hindi niya magawang kumilos. Walang lakas ang kanyang mga paa't kamay.

Sa mapusyaw na liwanag at sa nanlalabo niyang paningin, naging isa at nagkahugis ang mga anino. Nag-anyong tao ito, bulto ng isang itim na lalaki na may nagbabagang mga matang kasing-pula ng dugo. Frozen in fear, Mel watched, unblinking, as it drew near. With the creature's approach came biting

cold that seeped through muscles and bones. Nagsimulang manginig ang kanyang katawan.

“P-p-ple…aseee,” he slurred.

Other than the blazing eyes, there was no visible features on the creature’s face, but Mel could sense it laughing. He didn’t dare take his eyes off of it.

The creature extended a hand. Mel waited for the strike that will end him. Instead, one clawed finger scratched his forehead, and then, in a blink it was gone.

Ilang minutong nakatulala sa kinauupuan si Mel bago niya napansing wala siya sa loob ng lagusan. Sa halip, ilang dipa lamang ang layo niya sa pinasukang entrance ng kuweba. Normal na rin ang kanyang paghinga at kahit ramdam pa ang panghihina ng katawan, hindi siya nabigo nang subukan niyang tumayo. Nang sa tingin niya’y kaya na niyang maglakad, saka siya lumabas ng kuweba.

“Mel!” Si Ayin ang unang nakakita’t sumalubong sa kanya. Kasunod nito ang lima pang kasama.

Nagtataka si Mel dahil bukod sa anim na kaibigan, may ilang tao—kabilang ang tatlong pulis at ilang lalaking naka-uniporme ng Biak-na-Bato National Park—ang lumapit sa kanila.

Dahil obvious na nanghihina pa siya, dinala siya ng mga ito sa pinakamalapit na clinic.

“Saan ka ba nagsuot?” tanong ni Zander

pagkatapos gamutin ng nurse ang sugat niya sa noo. Fortunately, hindi malalim ang hiwa.

The doctor took his vitals. He was dehydrated but otherwise, nothing was seriously wrong. Pinayuhan pa rin siya nitong magpatingin sa ospital. The others left after his rescue.

Naroon pa rin sila sa clinic at hindi sila iniwan ni Manong Celso. Tahimik itong nakaupo sa isang sulok at nakikinig lang.

"Ang tagal ka naming hinanap sa loob," ani Ces. "Pati nga si Manong Celso, nag-panic na nang hindi ka namin makita."

"Pero nasa likod n'yo lang ako," sabi niya. "Sinusundan ko kayo. Kayo nga itong nang-iiwan."

Nagkatinginan ang anim.

"Mel," bungad ni Kleo. "Kung nasa likuran ka lang namin, imposibleng hindi ka namin makita."

Tumango si Eman. "Tama si Kleo. At saka, hindi kami nagtagal sa loob. Parang umikot nga lang kami palabas sa kabilang side, 'yung malapit sa ilog."

"You mean, may ibang daan palabas?" tanong niya.

"Oo," sagot ni Eman. "At hindi iyon kalayuan sa daang pinasok natin."

"Ano ba talaga ang nangyari, Mel?" tanong ni Maya. Katulad nina Ayin at Kleo, namumula ang mga mata nito na parang galing sa pag-

iyak. “Ginalugad namin ang buong kuweba nang ma-realize naming nawawala ka. Hindi ka namin makita. Kaya nga tumawag na ng tulong si Manong Celso.”

Kumunot ang kanyang noo.

“Well?”

Umiling si Mel. “H-hindi ko alam. Wala akong maalala.”

“Paano’ng wala kang maalala?”

“That’s just it. Wala akong maalala,” frustrated niyang sabi. “Ang huling natatandaan ko, sinusundan ko kayo. Papasok kayo sa isang lagusan. And then the next thing I knew, I was standing near the entrance.”

Walang nasabi ang isa man sa mga kaibigan niya.

“Mukhang napaglaruan siya ng taong itim,” sa unang pagkakataon ay nagsalita ang matandang tour guide.

“You mean ‘yung malignong nakatira sa kuweba?”

Tumango ang matanda. “Masuwerte ka, hijo. Matagal kang nawala pero nagawa mong makabalik.”

Bumuntong-hininga siya. “Ilang oras akong nawala?”

Suminghap si Maya.

“What?”

Hindi makapagsalita ang dalaga.

Si Zander ang sumagot sa kanya. “Pare, isang buong araw kang nawala.”

# 3

"Wait, what? Isang araw na-trap sa kuweba si Mel?" tanong ni Rex.

"Yup! Biyernes ng tanghali siya nawala. Sabado ng hapon siya lumitaw sa kuweba," sagot ni Stephen.

"At wala siyang maalala sa nangyari sa kanya?"

"Wala. It's as if paglabas na paglabas niya ng cave ay nabura ang lahat ng alaala ng na-experience niya sa loob at sa naging encounter niya sa taong itim," paliwanag ng lalaki.

"So, is that it? Pinaglaruan si Mel ng taong itim kaya siya nawala sa loob ng kuweba ng isang araw?" bagot na tanong ni Millie. Sa hitsura'y hindi ito gaanong na-entertain sa

kuwento.

Ngumisi si Stephen. "It was only the start."

Fascinated, Anya asked. "A-ano'ng nangyari?"

Tumitig si Stephen sa dalaga.

Lunes ng umaga. Bihis na si Mel at papasok sa trabaho, the incident during the weekend all behind him.

Hindi siya naniniwalang pinaglaruan siya ng maligno sa kuweba. Mas malamang na naligaw siya, napasuot sa isa sa makikipot na tunnel, naaksidente at nawalan ng malay kaya hindi siya nakita agad ng mga kasama. He had the wound on his forehead as proof.

As for why he went missing for a whole day? Maybe his head wound caused a concussion. It could lead to disorientation and temporary memory loss. Kaya hindi siya aware sa oras at wala siyang matandaan.

As always, naniniwala siyang may medical explanation sa nangyari sa kanya. Confident siyang hindi iyon isang kababalaghan.

Tumapat si Mel sa wall mirror.

"Hindi totoo ang mga maligno," nakangising sabi niya sa repleksiyon bago tuluyang lumabas ng bahay. Kung lumingon lamang siya uli, nakita sana niyang naiwan sa salamin ang kanyang repleksiyon. Nakasimangot iyon at matalim ang kulay itim na mga matang

nakasunod sa bawat kilos niya.

Little did Mel know that he was already marked.

Nagsimula ang mga kababalaghan sa buhay niya nang sumunod na araw.

"Bakit ganyan ang hitsura mo? Mukha kang buhay na patay," puna ni Kleo nang magkita-kita sila ng lunch break.

Hindi na siya nagtaka sa tanong ng kaibigan. Kahit siya sa sarili'y nagulat nang makita ang sarili sa salamin. Nangingitim ang gilid ng mga mata niya sa puyat. Humpak at namumutla rin ang kanyang mukha.

"Hindi ako nakatulog kagabi. I kept having nightmares."

"Nightmares?" tanong ni Eman. "As in, mahigit sa isa?"

Tinanguan niya ang kaibigan.

"The first one was bad enough. Inabot ng isang oras bago ako nakatulog ulit. And then there was another one. After the third, nag-decide akong 'wag nang matulog."

Ilang segundong nakatanga lang sa kanya ang anim.

"At gising ka na ng ano'ng oras?"

"Alas tres ng madaling-araw."

"Wow! No wonder you looked like hell," komento ni Zander. "P'wede palang bangungutin nang paulit-ulit ang isang tao sa isang gabi?"

Si Ces ang sumagot. "Yes, it's possible but

it's rare. Nightmare disorder ang tawag doon." Bumaling sa kanya ang dalaga. "Madalas ka bang bangungutin?"

"Aside from last night, hindi ko pa naranasang bangungutin. Bihira nga akong managinip. And when I do, hindi ko matandaan ang detalye."

"At natatandaan mo ang panaginip mo kagabi?"

"Natatandaan ko lahat." An involuntary shudder raked Mel's body.

There was a beat of silence and then Ayin said, "Ikuwento mo sa amin."

He let loose a sigh. Isipin pa lang ay bumibilis na naman ang tibok ng puso niya. He hated feeling weak, but the night before was the strangest he'd had in all of his life.

"Sa una, na-trap ako sa isang tar pit at hindi ako makaalis. Unti-unting lumulubog ang katawan ko. At sa tuwing pinipilit kong umahon, lalong bumibilis ang paglubog ko. Hanggang sa…"

"Tuluyan kang nilamon ng tar pit," dugtong ni Kleo nang huminto siyang magsalita.

Tumango ang binata. "Na-experience n'yo na ba'ng ma-skin test sa ospital? Multiply that sting to a thousand times, ganoon ang pakiramdam ko habang sumusuot ang mainit na alkitran sa bawat butas ng balat ko." The pain was so real that, even awake, he could still feel it.

The next two nightmares were just an alteration of the first one. He was trapped in some kind of vessel, drowning in slick, black oil and putrid slime. The pain, as the viscuos substance seeped through his pores to burn him from the inside, was unbearable. But what scared him the most was the feeling of helplessness as his heart pumped faster and his lungs painfully expand from the shortness of oxygen. The realization that death was near but he couldn't even twitch or blink an eye to save himself.

"That was scary," Kleo said with a whimper.

"Nagising akong basang-basa ng pawis at humihingal. And you know what's even strange? May narinig akong halakhak."

"Sa panaginip mo?" tanong ni Ayin.

Umiling si Mel. "Pagkagising ko."

Kumunot ang noo ni Ayin.

"May nabasa ako dito sa Mayo Clinic. Maraming p'wedeng maging cause ng nightmare disorder. Stress, trauma or even other underlying medical disorder," usal ni Ces. "Magpa-check up ka kaya? Baka stressed ka lang sa trabaho."

"O baka may kaugnayan ito sa nangyari sa iyo sa kuweba. Di ba sabi ni Manong Celso, napaglaruan ka n'ung taong itim? Ano kaya kung magpatingin ka rin sa albularyo?"

Mel snorted. "Naniniwala ka talaga sa taong itim, Ayin?"

Nagkibit-balikat ang dalaga. “Hindi naman ito tungkol sa paniniwala ko. Totoo man o hindi ang taong itim, wala namang mawawala sa iyo kung kokonsulta ka sa albularyo.”

Before he could say anything more sarcastic, an unwelcome scent assailed him.

Nalukot ang kanyang mukha. “Ano’ng amoy ‘yun?”

Nagkatinginan ang anim, kunot ang mga noo. “Ano’ng amoy?”

“Seriously, guys, hindi n’yo naaamoy? Ang sangsang kaya, parang nabubulok na daga.”

Lahat sila’y nagulat nang may tumikhim sa kanilang likuran.

“Ako ba ang pinariringgan mo, Mister Santos?” Si Patricia Gallo, ang bagong supervisor na mainit ang dugo kay Mel. “Tinatanong kita, Mister Santos.”

The man stifled a groan. Hindi niya maintindihan kung bakit palagi na lamang siyang pinag-iinitan nito.

“Hindi ikaw ang tinutukoy ko, Ma’am Patty. Sa totoo lang, hindi ikaw ang pinag-uusapan namin.” *Hindi ka importante para pag-aksayahan namin ng oras*, he added silently.

Naningkit ang mga mata nito. “Hindi iyon ang narinig ko.”

“Ano ba ang narinig mo, Miss Patty?” Lihim siyang nagpasalamat sa pagsabat ni Zander. “Kasi, tama si Mel. Hindi ikaw ang pinag-

uusapan namin."

The woman glared. Knowing that she couldn't intimidate any of them, she walked away without a word.

"What is wrong with that woman?" pailing-iling na tanong ni Maya.

"Alam mo, Ces, tama ka. Stressed ako sa trabaho dahil sa babaeng 'yun kaya ako binabangungot. Baka nga kailangan kong magpa-check up sa doctor. Pero hindi sa albularyo," mabilis na dagdag ni Mel habang nakatingin kay Ayin. "Kung may dapat ipakonsulta sa albularyo, si Aunty Patty 'yun. Aba'y daig pa ang sinapian ng tatlong maligno."

Nagtawanan ang anim. Muling nalukot ang kanyang mukha. "Wala talaga kayong naaamoy, guys?"

"Wala nga."

"Baka sarili mo lang ang naaamoy mo," natatawang sabi ni Eman.

Mel snorted, but deep inside, there was this niggling worry. He couldn't help but feel that something bad was going to happen soon.

The contusions appeared two days later.

"Ano'ng nangyari sa braso mo? Ba't ang laki ng pasa?" nag-aalalang tanong ni Maya. Nakasabay niya ito sa elevator paakyat sa floor nila.

"Wala. Baka nauntog lang sa may pintuan."

Matagal siyang tinitigan nito. "Binabangungot ka pa rin?"

Mel's first instinct was to lie. There was no need to worry his friends. But his appearance wouldn't fool anybody.

The dark smudge under his eyes turned darker, his pale face now ashen and he'd lost weight if the looseness of his jeans was any indication.

"Nagpatingin ka na ba sa doctor?"

"Hindi pa. Baka this coming weekend."

"Baka tama si Ayin. Baka kailangan mong—"

"I'm fine, Maya," may diing sabi niya. "Hindi ako pinaglalaruan ng kung anong maligno, okay? Stop worrying about me." Sa puntong iyon nagbukas ang pinto ng elevator sa floor nila. He walked out without sparing Maya another glance.

But Mel wasn't fine. By lunch time, nakaramdam siya ng pananakit ng ulo. Isang oras bago mag-uwian, parang binabarena ang bungo niya sa sakit. Pag-uwi niya ng bahay ay inaapoy na siya ng lagnat.

Wala sa hinagap ni Mel na hindi simpleng trangkaso ang sakit niya at hindi iyon magagamot ng medisina.

"Guys, kumusta na kaya si Mel?" may pag-aalalang tanong ni Ayin. Lunch break at nasa cafeteria ang anim na magkakaibigan. Unfortunately, hindi nila kasama si Mel dahil

dalawang araw na itong naka-sick leave.

"Tinawagan mo siya kahapon, di ba?" tanong ni Zander.

Tumango ang dalaga. "Hindi ko siya nakausap kahapon. Ring lang nang ring ang CP niya. Tumawag uli ako kanina pero wala ring sumagot."

"Baka naman natutulog. Kung mataas pa rin ang lagnat niya, kailangan niya talaga ng pahinga."

"Ano kaya kung bisitahin natin siya mamayang uwian?" suhestiyon ni Maya.

The door to the cafeteria opened.

"Tingin ko hindi na kailangan." Inginuso ni Eman ang pinto kung saan nakatayo si Mel. Nang makita sila ng binata'y ngumiti ito at agad na lumapit. He looked well, but until he reached them, they realized that he wasn't.

Ang unang rumehistro kay Ayin ay ang hindi magandang amoy ng binata at ang nanlilimahid na kuwelyo ng suot nitong polo shirt. If she wasn't mistaken, ito pa 'yung polo shirt na suot nito noong nakaraang Biyernes.

Napatingin siya sa ibang kasama. Base sa reaksiyon, napansin din ng mga ito ang napansin niya.

Isa pang napansin ni Ayin ay ang mga pasa sa braso at leeg ng binata.

"Wow! Tamang-tama pala ang dating ko," bulalas nito sabay hila sa plato ni Eman. Walang paalam nitong inubos ang pagkain ng

kaibigan. “Kakainin mo pa ba ‘yan?” tanong nito sa katabing si Kleo.

Nang umiling ang dalaga’y agad nitong hinila ang half-eaten lunch ng kaibigan.

Tulalang nakamasid lang ang anim habang isa-isang inubos ni Mel ang natirang laman ng mga plato. Para itong hindi kumain ng isang buwan sa inasal nito.

“O, bakit nakatingin lang kayo sa akin?” tanong nito habang inuubos ang kalahati ng chicken leg sa plato ni Ces.

It was so unlike him to act that way. He wasn’t a germaphobe, but it didn’t mean that he slacked in the hygiene department. Hindi rin nito ugaling kainin ang tira ng iba.

“Mel, okay ka lang ba?” tanong ni Eman.

“Oo naman. Why wouldn’t I be?”

“Hindi ka na nilalagnat?”

“Magaling na ako.”

Bago pa may makapagsalita uli sa kanila’y isang tao ang lumapit sa table.

“Mister Santos, mabuti naman at nagpakita ka na,” bungad ng supervisor na si Patricia. “Oh my God! What is that smell? At bakit ganyan ang hitsura mo? When was the last time you took a bath?” The woman made a face and took a step back.

Sa umpisa’y hindi ito pinansin ng lalaki.

“Ano, hindi ka na ba marunong gumalang sa superior mo? Tinatanong kita,”

“Ah, Ma’am... baka p’wedeng—” Hindi

naituloy ni Eman ang sasabihin dahil padabog na tumayo si Mel. Pinunasan nito ng sleeve ng T-shirt ang bibig bago hinarap ang babae.

Naalarma ang anim. Tumayo sina Zander at Eman para pigilan ang kaibigan sakaling may gawin ito sa babae. Alam nilang mainit ang dugo nito sa supervisor at di na mabilang ang pagkakataong nagreklamo ito sa kanila at nagbantang gaganti.

"Pare, relax lang," paalala ni Zander na hinawakan pa ito sa balikat. Tinabig ni Mel ang kamay nito.

Nakatingin sa grupo nila ang lahat ng nasa loob ng cafeteria. At lahat ay nagulat sa sunod na ginawa ni Mel.

Dinuraan nito sa mukha ang supervisor bago walang paalam na lumakad palayo.

"Mel!"

Sinundan ng dalawang lalaki ang kaibigan. Naiwan ang apat na tulalang nakatayo't nakatitig sa may pintuan, hindi pansin ang pagwawala ng supervisor.

"Nakita n'yo ba 'yun?"

"Sigurado akong nakita ng buong cafeteria ang nangyari," sagot ni Kleo kay Ayin.

Umiling ang dalaga. "Hindi iyon ang tinutukoy ko. Nakita n'yo ang mukha ni Mel?"

Kunot-noong bumaling ang tatlong babae sa kaibigan.

"I swear I saw Mel's eyes turn black, bago niya duraan si Miss Patty."

There was a collective gasp.

"Hindi kaya namalikmata ka lang? I mean, it could be a trick of the light."

"Sana nga namalikmata lang ako, Ces. Pero hindi. Totoo ang nakita ko."

The group went silent for a minute.

"So, ano'ng ibig sabihin nito?"

Umiling si Ayin. "Hindi ko alam. Pero hindi maganda ang kutob ko."

Sa puntong iyon bumalik sina Zander at Eman.

"Hindi namin naabutan si Mel."

"Hinanap namin siya pero parang bigla na lang siyang nawala."

*Katulad ng nangyari sa kuweba.*

Bigla na lang iyong sumagi sa isip ni Ayin. Napasinghap ang dalaga, lalong bumilis ang pintig ng puso.

"This is bad," anas niya.

Bumalikwas ng bangon si Mel. Hindi niya matandaan kung paano siya napunta sa sahig, ilang hakbang mula sa front door. Ang tanging naalala niya'y umuwi siya mula sa trabaho na inaapoy ng lagnat. Naghahanap siya ng gamot sa medicine cabinet nang magdilim ang lahat.

Noting the stench emanating from him, he groaned. How long was he out?

Pinilit tumayo ni Mel kahit walang lakas ang mga paa niya. Dahan-dahan, nagawa

niyang makarating sa kusina at makapasok sa banyo. Ilang metro lang ang nilakad niya pero pakiramdam ni Mel ay tumakbo siya sa marathon. Halos pangapusan siya ng hininga, malakas ang vibration sa kanyang dibdib dahil sa bilis ng tibok ng kanyang puso.

Mahigpit na napakapit ang binata sa rim ng bathroom sink nang biglang umikot ang lahat sa paligid niya. Mariin siyang pumikit habang pinapalipas ang hilo. Muntik na siyang mapasigaw nang sa pagdilat ay tumambad sa kanya ang repleksiyon sa salamin. He almost didn't recognize himself.

His hair, slick with sweat and matted in places sat atop a face as pale as a ghost, except for the angry red rashes on his skin. The eyes that stared back at him were dull and red-rimmed.

*What is wrong with me?*

He shook his head to dispel the nausea. Maybe a shower would help.

Humandusay siya sa sahig bago pa siya makahahakbang sa shower. Bigla ang pag-atake ng matinding sakit na nagsimula sa kanyang ulo at gumapang pababa sa buo niyang katawan. May pressure na pakiramdam niya'y tumutulak sa kanyang bungo para sumabog. Ramdam niya ang kirot kahit sa dulo ng kanyang mga daliri, sa kanyang balat na parang kinakagat ng libu-libong langgam. Nanigas ang mga kalamnan niya sa pamumulikat. His

throat convulsed and he struggled to breathe.

Pamilyar sa kanya ang ganitong sakit. Gabi-gabi niya itong nararanasan sa kanyang bangungot.

Was he trapped in another nightmare? Iyon ba ang nangyayari? Pero hindi imahinasyon ang sakit na nararamdaman niya ngayon. Tuluyan na bang naputol ang linyang naghihiwalay sa mundo ng bangungot at reyalidad, o sadyang nasisiraan na siya ng bait?

As wave after wave of excruciating pain assaulted him, his gaze slid to the mirror above the sink. Terror gripped him anew as his reflection stared at him through obsidian eyes, an evil grin curving its lips upward.

If he had enough breath to spare, he would've screamed.

Kung paanong sa isang iglap ay inatake siya ng matinding sakit, sa isang iglap din ay bigla iyong nawala. Malakas ang naging singhap ni Mel sa biglang pagdaloy ng oxygen sa kanyang baga. Humihingal na hinila niya ang sarili pasandal sa dingding. Pagsulyap niya sa salami'y wala na ang nakakatakot niyang repleksiyon.

Hindi na niya napigilan, sa puntong iyon siya napahagulgol. Somewhere inside the bathroom, his cellphone rang. Sa ilalim ng lababo, doon ito humagis nang mag-collapse siya kanina.

"H-hello?" nanginginig ang tinig na sabi

niya.

"Mel!" Napahikbi si Mel nang marinig ang boses ni Ayin.

"A-Ayin... kailangan ko ng tulong," anas niya.

"Parating na kami, Mel. Hintayin mo kami." Iyon ang huling narinig niya sa kaibigan.

May tumabig sa kanyang kamay. Humagis ang cellphone sa ilalim ng lababo, kung saan niya ito nakuha kanina. Bigla iyong umusok at nag-apoy. Sa itaas ng lababo, muling lumitaw ang repleksiyon sa salamin, nakatitig sa kanya, labas ang matutulis na mga ngipin sa isang nang-uuyam na ngiti.

"A-ano ba'ng kailangan mo sa akin?" sigaw ni Mel.

The reflection in the mirror laughed; an unnatural, demonic sound that sent a shiver down his spine. With the sound came the bone-chilling cold. Nabalot ng malamig na usok ang buong silid. The entity in the mirror dissolved into a dull gray mass, swirling until the surface fractured and exploded in shards. The sharp pieces cut him where they hit. He could feel the sting on his face and arms.

From the void appeared a shadow, with blazing eyes as red as blood and the stench of death.

Nanlaki ang kanyang mga mata.

Nakita na niya ang nilalang na iyon, doon sa loob ng kuweba.

“Oras na,” the creature rasped.

Nakamata lang si Mel sa paglapit ng taong itim. Katulad sa bangungot niya, hindi niya magawang kumilos, kahit ang pumikit.

Habang palapit ang taong itim, unti-unting lumilinaw sa kanya na iyon na ang katapusan. Gusto niyang sumigaw. Nagpupumilit ang utak niyang tumakas. But as life slowly seeped out from his body, all he could do was stare. Somewhere, he heard a banging sound and thought about his friends. Sadly, the moment they would come, it would be too late.

As death loomed nearer, everything around him shimmered into nothingness. No sliver of light or a whisper of a sound, even a hint of a scent, just... the overwhelming shadow and the freezing cold.

“Namatay si Mel?”

Tinanguan ni Stephen si Anya. “Unfortunately.”

“So kinuha siya ng taong itim?”

Kumibit ang binata. “Who knows? Nakita siya ng mga kaibigan niya not long after. Kung nabuksan lang nila agad ang pinto, baka sakaling nailigtas nila si Mel.

“Anyway, natagpuan siyang may hawak na piraso ng basag na salamin at laslas ang pulso. His death was ruled a suicide. Sa autopsy report, natuklasan na may malaking

tumor siya sa utak."

"That must be the cause of his hallucinations. Hindi totoong pinaglaruan siya ng taong itim," pahayag ni Eva.

"Maybe," Stephen replied with a smile.

Kumunot ang noo ni Millie. "Hindi pa tapos ang kuwento. Ano'ng sunod na nangyari?"

Stephen hunkered down until the light cast by the fire danced distinctly on his face. "Remember the supervisor? She was found dead three days after Mel's funeral."

"Ano'ng nangyari sa kanya?" tanong ni Michael.

Makahulugang ngumisi ang binata.

Hating-gabi... may kung anong ingay na gumising kay Patricia. Tumayo ang dalaga para mag-imbestiga.

Wala siyang nakitang kakaiba sa sala. Pagpasok sa kusina'y nakita niyang nakataob ang condiment rack sa counter. Nahulog ang ilang plastic bottle at gumulong sa ilalim ng mesa. Isa-isa iyong pinulot ni Patty. Pagtayo niya'y isang anino ang bumulaga sa kanya. Sa gulat ay naihagis niyang muli ang hawak.

"S-sino ka?" Napaatras si Patty hanggang sa sumandal siya sa counter. Sa una'y hindi maaninaw ng dalaga ang mukha ng kaharap. When the figure stepped into the spot illuminated by the living room light, recognition set in and Patricia let loose a terrified scream.

Segundo lang ang lumipas nang isang pigura ang lumabas sa condo unit ng supervisor. Huminto ito sa gitna ng hallway, bahagyang tumingala. Bago naglaho'y ngumiti si Mel sa CCTV camera na nakakabit sa cornice.

"Pinatay ni Mel si Patricia? But that's... how?" Anya's face turned pale, obviously affected by the story.

"Walang makapagsabi. Stroke ang lumabas na dahilan ng pagkamatay ni Patricia. Walang nakitang marka sa katawan niya. Walang foul play or evidence of a struggle. There's the CCTV feed but that's kind of hard to explain, short of exhuming Mel's remains para masigurong patay na nga siya."

"So it was the taong itim afterall. Pareho niyang kinuha sina Mel at Patty," Rex commented thoughtfully.

"'Yun din ang naisip ko. The good news is, ligtas ang mga kaibigan ni Mel. Isang albularyo ang nagsagawa ng cleansing ritual sa kanilang anim."

Hindik na napasinghap si Anya. "They're targeted too?"

"Sa tingin ng albularyo, hindi naman. Wala siyang nakitang negative energy na nakapalibot sa anim. Pero just to be on the safe side."

"Bakit kaya si Mel ang pinili ng taong itim?

At idinamay pa si Patricia."

"Mahirap sagutin ang tanong na 'yan. 'Yun nga lang existence ng mga espiritu't maligno, mahirap nang paniwalaan. Mabuti na ang nag-iingat. Tulad na lang sa lugar na ito. According to urban legends, pinamamamahayanan ng tumao ang bundok na ito. That's your local version of bigfoot. Malay natin kung nasa likod lang siya ng mga puno, nagtatago sa mga anino, nagmamasid at naghihintay," Stephen said in a conspiratorial whisper.

A sudden gust of wind blew. The fire crackled, the tree leaves rustled and somewhere something howled, deep and mournful.

Instinctively, kumapit si Anya sa braso ni Rex.

"Okay!" Pumalakpak si Eva.

Napapitlag si Anya sa gulat. Humagikgik si Millie na sa kanya nakatingin.

"It's my turn. Maaaliw kayo sa kuwento ko." Snickers of amusement filled the campfire. Anya was still bothered by the unearthly howl.

"Once upon a time," Eva started, her tone soft and dark. "Three friends, vloggers who wanted something intriguing for their online content, decided to go on a ghost-hunting trip to mysterious island of Corregidor."

# 4

## *Death Echo*

"Brod, sigurado ka ba talaga dito?" tanong ni Ed sa kaibigang si Sam habang isa-isa nilang inaayos ang mga dadalhin.

"Bakit, natatakot ka?"

Inismiran ng lalaki ang nanunuksong kaibigan. "Naniniguro lang ako. I mean, none of us have done this before."

"Come on, Ed. Popular ang islang ito sa mga paranormal enthusiasts. Hindi naman tayo ang unang papasok sa loob ng tunnel."

"At night and without a guide?"

Paul, their third guy, snorted. "Again, hindi tayo ang una."

"But why do we have to do this? Hindi naman ito ang usual content natin."

Being avid online gamers, they normally post vlogs of latest online game reviews and walkthroughs.

"Hindi ba masayang mag-post ng bago paminsan-minsan? We need to be versatile para sa mga followers natin. Everybody's doing it. Last week, may napanood akong food vlogger na sumama sa isang ghost hunting tour sa *Diplomat Hotel* sa Baguio. Pumalo ng kulang two million views ang episode n'ya. Why can't we do the same?"

Ed huffed a breath.

"Ed, kung natatakot ka, p'wede ka namang hindi sumama," suhestiyon ni Paul.

"Hindi ako natatakot," tanggi niya.

"Eh, bakit aligaga ka?"

"I just..." How would he explain the pervasive sense of foreboding which enveloped him the moment he set foot on the island?

Tinapik siya sa balikat ni Sam. "Pare, walang mangyayaring masama, okay? It's just a tunnel at hindi naman tayo magtatagal sa loob. We'll film for an hour and then go. What could go wrong in an hour?"

Kinilabutan si Ed. "Oh, now you really jinxed us."

Humagalpak ng tawa ang dalawa. Napailing na lamang si Ed.

Hindi lamang hitik sa hinihinalang

paranormal activities ang isla ng Corregidor. Mayaman din ito sa kasaysayan. If only for its rich history, Ed felt compelled to explore its dark, haunted sites.

Six thirty ng hapon nang marating nila ang east gate ng Malinta Tunnel. Kinailangan nilang mag-hike at umikot sa burol para makarating sa kabilang side. Inabot din sila ng may kalahating oras sa pag-akyat. Papalubog ang araw nang akyatin nila ang Malinta Hill. Unti-unting dumilim habang nilalakad nila ang trail. Around them, not a breeze blew. The trees and the bushes remained unmoving as they walked along the trail, their footsteps the only sound cutting through the eerie silence that came with the darkness.

Kadalasa'y isinasara ang gates ng tunnel tuwing gabi pero pumayag ang nakausap nilang guide na buksan ang isa sa mga gate para sa kanila. True to his word, nadatnan nilang nakaawang ang malaking pintuan ng tunnel.

Agad pumasok sa loob ng tunnel ang dalawang lalaki. Tamping his apprehension, Ed followed.

Total darkness greeted them inside, and a chill that seemed to seep out from the walls and floors of the eeriely silent tunnel.

"Oy, grabe! Ang lamig naman dito." Itinaas ni Sam ang isang braso. "Tingnan n'yo, nakatayo'ng mga balahibo ko," he added with

amusement.

"Kinikilabutan din ako."

"Guys, let's just get this over with," susog ni Ed sa dalawang kasama.

Gamit ang handheld spotlight, sinilip nila isa-isa ang mga lateral tunnels habang nagre-record ng footage si Sam.

Sa pagitan ng lateral tunnels 1 at 3 sa kaliwa ng main tunnel ay ang lateral tunnel na papunta sa 1,000-bed hospital na nagsilbing confinement at treatment area ng mga sugatang sundalo noong World War II.

Ayon sa ilang taong nakausap nila, ito raw ang parte ng tunnel na hotbed ng paranormal activities.

"May naaamoy ba kayo?" tanong ni Sam. "Parang amoy ng antiseptic."

"Hospital 'to dati, di ba? Baka sinadya nilang mag-spray ng antiseptic for effect, alam n'yo na, para sa tour?"

Kunot-noong tinitigan ni Ed ang kaibigan. "Nagpapaliwanag ka ba o nagtatanong?"

Nagkibit ito ng balikat.

They resumed walking. Pagtapat sa ikatlong lateral tunnel sa kanan, natigilan sila.

"Naramdaman n'yo 'yun? Guys, parang may humaplos sa batok ko," nag-aalalang sabi ni Sam.

"A-ako rin. May dumampi sa braso ko." Bumaling ito sa kanya. "Ed?"

He nodded, too stunned to speak. Cold air

brushed his cheek, like the frigid caress of an invisible hand.

Paul exhaled nervously. “Uhm… I don’t like this. It’s too weird.”

“Ang mabuti pa’y—”

Isang malakas na pagsabog ang dumagundong sa loob ng tunnel. Yumanig ang paligid at nagbagsakan ang maliliit na debris mula sa kisame.

“Ano ‘yun?” natatarantang tanong ni Paul.

“Mukhang galing sa labas, sa ibabaw ng tunnel,” sagot niya.

“Sh*t! Umalis na tayo dito.”

Another loud boom startled them into a panicked run. Their surrounding flickered, like TV static. They stopped as, with every flicker, glimpses of what the tunnel looked like during the war morphed into view.

The air sizzled with energy until the incorporeal vision turned real.

“What the f**ck?”

Natagpuan nila ang mga sarili sa gitna ng kaguluhan. Sunud-sunod na pagsabog ang narinig nila sa labas ng tunnel na sinabayan ng mga putok ng baril. Sa bawat pagsabog, yumayanig ang tunnel na animo nililindol. Walang tigil sa pagkurap ang mga ilaw, sumasayaw sa ere ang mga nakabiting lampara. Nasa loob pa rin sila ng ospital. Panay ang dating ng mga Amerikanong sundalo bitbit ang sugatan nilang mga kasama. The air was

ripe with the scent of gunpowder and blood. It reeked of fear, desperation and death. Moans of the injured and the dying resonated with the booms of heavy artillery and the staccato of rifles.

"Ed, ano'ng nangyayari?"

"H-hindi ko alam, Sam."

Isang babae ang lumabas sa tunnel na pinanggalingan nila. Pawisan ito at may bahid ng dugo ang suot na uniporme. Hindi ito nagulat nang makita sila. The nurse, looking haggard, still managed to give them a brief but genuine smile and then proceeded to the rack of medical supplies in between two lateral tunnel entrances, opposite where they stood. Hustong nasa tapat ito ng rack nang may sumabog sa kabilang dulo ng tunnel, iyong malapit sa ventilation shaft. The resounding blast wave blew them a few feet away. Naramdaman ni Ed ang paghagis at pagbagsak ng katawan niya.

Nahilo siya sa pagsabog kaya hindi agad nakakilos. Ipinilig niya ang ulo para mawala ang ugong sa kanyang taynga makaraan ang ilang segundo. Pinakiramdaman niya ang sarili. He could move his limbs so he took it as a good sign.

"Paul, Sam!" tawag niya sa dalawang kasama. Inwardly, he prayed they were safe.

Maingat na tumayo si Ed, napangiwi sa naramdamang sakit sa braso. May sugat siya sa siko, kumayod siguro sa semento nang

bumagsak siya. Masakit din ang kanyang binti na tumama sa nakatumbang silya. Pero bukod doon, wala na siyang ibang injury. Sana lang, hindi napahamak ang dalawang kaibigan niya.

Clearly, hindi lang sila observer sa kung anumang kababalaghan itong kinasuungan nila. Whatever happens in this place is as physically real to them as it was to the people who experienced it firsthand. Delikado dahil hindi lang sila maaring masaktan, posible rin silang mamatay.

“Paul, Sam!”

Makapal ang usok na resulta ng malakas na pagsabog kaya mahirap aninawin ang paligid.

May umubo sa kanyang tabi. “I’m here.” Boses ni Sam.

“O-okay lang ako,” ungol ni Paul sa bandang kaliwa niya.

Unti-unting nawala ang haze. Nakita ni Ed ang dalawang kasama sa kanyang tabi, dirty and probably bruised but safe.

“Pare, hindi ito panaginip.”

“Really, Paul? What was your first clue?” Sam asked sarcastically.

“Kailangan nating makaalis dito,” anas niya.

“Pero paano, Ed? Ni hindi nga natin alam kung paano tayo napadpad dito in the first place.” Pumalatak ito. “Tama ka. Hindi tayo dapat nagpunta dito.”

Too late.

Nang tuluyang humupa ang haze, tumingin si Ed sa area kung saan nagpunta ang nurse. Isang bulto ng babae ang nakahandusay sa sahig, sa ibabaw nito, nakadagan sa dibdib ang natumbang rack.

On instinct, nilapitan niya ito para tulungan.

"Ed," pigil ni Sam. "'Wag na." Inginuso nito ang babae. "Tingnan mo."

The woman's head was bent at an odd angle and blood oozed from the large crack on the base of her skull.

"She's dead." His voice cracked, his heart ached for the unfortunate soul who had the misfortune of getting trapped in a war, whose only fault was being devoted to saving lives at the cost of her own.

The Angels of Bataan and Corregidor. He'd read about these gallant women in passing. Kung makakaligtas sila sa bangungot na ito, sisiguruhin niyang babasahin niya ang lahat ng mahahanap na articles tungkol sa mga babaeng ito. And maybe, he could research who this woman was so he could somehow pay a proper tribute.

"Thank you for your service," he whispered.

Suddenly, the woman opened her eyes. Napaatras silang bigla sa gulat.

Biglang namatay ang lahat ng ilaw at nabalot ng dilim ang buong tunnel. Nang

lumiwanag uli'y nakatayo na sa harapan nila ang nurse, bali pa rin ang leeg at duguan, walang kurap ang mga matang nakatitig sa kanila.

"Get out!" Her mouth never moved but the chilling echo of her voice pushed them into action.

Without looking back, they raced to the end of the lateral tunnel and kept going until they reached the main tunnel.

Huminto sila nang nasa main tunnel na.

"Are we back? Tapos na ba?" tanong ni Sam. Si Paul ay hinihingal na sumalampak ng upo at sumandal sa dingding.

Humihingal na itinukod ni Ed ang dalawang kamay sa tuhod hanggang sa tuluyang kumalma. The first thing he noticed was the silence. Wala siyang naririnig na pagsabog o putok ng rifle. Walang sigawan at daing. Walang mga yabag na nagmamadali at mga taong nakasuot ng khaki uniform.

Itinutok ni Ed ang spotlight sa hospital tunnel. Dilim at katahimikan ang tumambad sa kanya. Wala ni pilas ng liwanag sa pinanggalingan nila.

Bumalik ang tunnel sa dati.

Whatever they went through, was over.

"What was that? Totoo ba'ng nakita natin?"

Umiling si Ed. "Hindi ko alam, Sam. Pero mas mabuting sa inn na natin pag-usapan. Ayoko nang manatili dito."

Tinungo nila ang pinasukang gate. Nakasara iyon at hindi natinag nang sinubukang buksan ni Paul. A sense of dread skittered down his spine.

"Subukan natin sa kabilang gate."

Mabilis ang mga hakbang na tinungo nila ang kabilang dulo ng tunnel. Hindi na sila nag-abalang silipin ang ibang lateral tunnels o tingnan ang mga displays at diorama. They were so freaked out by what happened and they just want to get out.

Malapit na sila sa lateral tunnel 12 nang muling kumurap ang paligid. Nagkatinginan ang tatlong magkakaibigan.

Mayamaya pa'y narinig na naman nila ang pasabog ng mga heavy artillery sa labas ng tunnel. Sumunod ang pagbabago ng paligid at paglitaw ng mga sundalo, pero sa puntong iyon, hindi na mga Amerikano ang kasalamuha nila kundi mga sundalong Hapones.

Like in the hospital lateral, the figures running to and fro were corporeal. Nakabunggo ni Sam ang isa pero tiningnan lang siya nito at saka nagpatuloy sa pagtakbo.

"Uh, guys?" Paul's voice quivered with alarm.

"Are they… Naglalagay sila ng dinamita sa katawan nila," anas ni Sam.

Lalong tumindi ang kaba ni Ed. Parang alam na niya kung anong eksaktong parte ng history ito.

The bombardment outside was from the *USS Converse*. Kung tama ang pagkakatanda niya, ito ang eksaktong tagpo nang ma-reclaim ng *US Forces* ang Corregidor. Ibig sabihin…

"Magsu-suicide sila. Pasasabugin nila ang tunnel at ang kanilang mga sarili."

Hindi nag-aksaya ng panahon si Ed. Hinila niya ang dalawang kaibigan at tumakbo pabalik sa east gate ng tunnel.

"Bilisan n'yo!" susog niya. They were halfway across when the series of explosion started. Inihagis na naman sila ng matinding blast. Ramdam ni Ed ang init ng pagsabog sa kanyang likuran at naisip niyang iyon na ang kanyang katapusan. Bumagsak at gumulong ang kanyang katawan sa semento, bumunggo sa naglaglagang bato bago kusang huminto. Sa nanlalabo niyang paningin, nakita niya ang ilang mga sundalo na duguang nakahandusay sa di kalayuan. Some were still alive and crying, missing limbs. One soldier lifted his gun to the side of his head and with a shaking hand, pulled the trigger. He collapsed in front of him, eyes unseeing, his blood oozing from the bullet hole to drench the dirt he laid on.

Sinubukang kumilos ni Ed pero napasigaw siya sa sobrang sakit. Something was broken and he couldn't move, couldn't escape. Around him, gunfire continued. Approaching footsteps sounded in the distance. With the agonizing pain he felt, Ed couldn't care less.

Darkness beckoned, with blessed relief and peace, so he closed his eyes and gave in.

"Hijo? Hijo."

Umungol si Ed. May tumatapik sa pisngi niya.

Dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata para pumikit uli dahil sa nakakasilaw na liwanag. May naramdaman din siyang init. Hindi nakakapaso katulad ng sa pagsabog. Sapat lang para mawala ang lamig na lumulukob sa loob ng tunnel.

The tunnel!

Bumalikwas siya ng bangon. Nasapo niya ang ulo at umungol.

"Nakainom ba kayo? Bawal 'yan dito."

Noon lang naging aware si Ed sa matandang lalaking naka-squat sa harapan niya. Napansin din niyang wala siya sa loob ng tunnel. Nasa labas siya ng east gate.

"Tay, paano ako'ng napunta dito?"

Kumunot ang noo ng matanda at tumayo.

"Aba'y hindi ko alam. Nakita ko lang kayo na nakahiga dito. Bakit naman dito kayo natulog na tatlo?"

Sa pagkakabanggit nito ng salitang tatlo'y awtomatikong hinanap niya ang dalawang kaibigan. Nakita niyang nakasandal si Paul sa saradong gate habang nakayukyok naman sa sulok ang naghihilik pang si Sam.

Nakahinga nang maluwag si Ed. Ligtas sila.

“P-pasensiya na po, Tay. Napasarap lang ang kuwentuhan namin kagabi. Pero hindi ho kami nag-inuman.” The lie flew out easily. “At saka…” Nagkamot siya ng ulo.

“Nag-ghost-hunting kayo.” Bumuntong-hininga ang matanda at saka ngumiti. Siguro’y normal na rito ang maka-encounter ng grupo ng ghost hunters sa tunnel. “May nagparamdam ba sa inyo?”

Nagkibit siya ng balikat.

Natatandaan niya ang lahat pero paano niya iyon ipapaliwanag? May pakiramdam siyang mas makakabuti kung walang ibang makakaalam.

“Mukhang gising na ang mga kasama mo. Ang mabuti pa’y bumalik na kayo sa tinutuluyan n’yo. Mayamaya’y darating na ang patrol para buksan ang gate.”

Tumango siya. Naglakad na palayo ang matanda. Biglang may naalala si Ed kaya tinawag niya ito. “May nakausap ho kasi kaming guide kahapon. Ang sabi niya’y iiwan niyang bukas ang gate para makapasok kami.”

“Ah, si Tonyo. Nabanggit nga niya sa akin. Hindi siya nakarating sa oras na pinag-usapan n’yo. Nagka-emergency kasi sa bahay nila, pero nagpunta pa rin siya kahit late na. Nagbakasakali siyang nandito pa kayo pero wala daw siyang taong dinatnan. Naisip niyang

baka bumalik na kayo sa inn."

"You mean hindi niya binuksan ang gate?"

"Bawal talagang buksan ang gate kapag isinara na. Pero minsan, pumapayag kami. Eh, wala siyang taong dinatnan kaya hindi niya binuksan. Nagkasalisi siguro kayo ng dating."

Hindi mapigilan ni Ed ang paggapang ng kilabot sa kanyang katawan. Nahimas niya ang magkabilang braso to settle the goosebumps.

"S-siguro nga po."

Nagpasalamat siya sa matanda. The older man waved and left.

Nakatayo na sina Paul at Sam nang balikan niya. Namutla ang dalawa nang sabihin niya ang sinabi ng matanda.

"What did we experience last night? Sigurado akong hindi iyon isang bangungot."

"Hindi ko rin alam, Sam."

"At least, we're alive. I mean, I think I died after that last explosion. It was so surreal," komento ni Paul.

Tama ito. Physically, walang bakas ng dinanas nila sa loob ang naiwan sa kanilang katawan, which made it even more strange and creepier.

"Paano tayo nakalabas?" tanong ni Sam.

"I'm not sure we made it inside in the first place," sagot ni Ed.

"Pero—"

Nagkatinginan silang tatlo.

Napakaraming tanong na hindi nila

masagot. Isang misteryo na tanging panahon lang ang makakapagsabi kung mahahanapan nila ng logical na paliwanag. Isa lang ang sigurado ni Ed: Totoo ang naranasan nila sa loob ng tunnel. Isa iyong sulyap sa nakaraan, sa buhay ng mga taong nawala sa panahon ng digmaan.

As if reading each other's thought, they bowed their heads and offered a brief prayer. May mga kaluluwa sa loob ng tunnel na hanggang sa kasalukuyan ay nakakulong pa rin. Idinasal ni Ed na sana'y makalaya na ang mga ito at tuluyang makamtan ang katahimikan.

"Wow, that was scary," anas ni Stephen.

"It was," sang-ayon ni Eva. "Imagine, masaksihan mo mismo 'yung nangyari sa tunnel noong World War II. Siguro kung si Michael ang nakaranas ng ganoon, nagpa-therapy na 'yan dahil sa PTSD." Nagtawanan ang mga kasama ng binata.

Michael made a face. "Hindi ako duwag, pero aaminin ko, hindi ko gugustuhing mangyari sa akin ang nangyari sa kanila."

"So, did they travel back in time?"

Sumulyap si Eva kay Anya. "I'm not sure. I think they got suck in by a death echo."

"Death echo?"

"A spirit that is stuck reenacting his or her

death over and over in a loop."

Umangat ang kilay ni Anya. "Multo na na-trauma ng kamatayan niya? That's... just strange."

Eva shrugged. "Well, we live in a strange world."

Ain't that the truth.

Biglang nag-segue si Rex. "Naniniwala ba kayo na p'wedeng maging attached ang isang espiritu sa isang inanimate na bagay na pag-aari niya noong nabubuhay pa siya?" Napasulyap si Anya sa nobyo.

"Uhm, may istorya ba sa likod ng tanong mo?" ganting tanong ni Michael.

"Siyempre naman. Ang lagay, magpapahuli ako sa inyo?"

"Eh kung ik'wento mo na lang kaya?" naghahamong sabi ni Anya. Rex grinned, and kissed her on the temple.

"So impatient. Akala ko ba matatakutin ka?"

Sumandig siya sa nobyo na agad naman siyang niyakap. "Well, I was. Pero kasama ko naman kayo, and I admit this is fun. Your stories are interesting. Kaya magkuwento ka na. Naiinip kami."

Tumawa si Rex. "Okay. This happened in Baguio. A couple went vacationing there with their 10-year old daughter. Isa sa pinuntahan nila, ay ang *Diplomat Hotel*."

Hindi nagulat si Anya nang ngumiwi ang

ilan sa grupo. *Diplomat Hotel* was one of the most haunted sites in the Philippines.

“Of all the places na nakatagpo ng kakaibiganin ang anak nila, doon pa sa ruins ng hotel.”

“HmM… parang alam ko na ang tatakbuhin ng k’wento mo. Na-possess ng spirit ang bata at kailangang i-exorcise ano?”

Rex shrugged. “Maybe. May unfinished business ang multo. May hinahanap siya.”

“Ano?” Anya asked in bated breath.

Isang makahulugang ngiti ang gumuhit sa labi ng binata. “Something she lost more than seven decades ago.”